

# Para makaiwas na masangkot sa krimen

Nitong mga nakaraang taon, gumagamit ang mga kriminal na organisasyon ng impormasyon sa internet sa sariling bansa ng mga technical intern trainees, mga job advertisements sa SNS, imbitasyon mula sa mga kaibigan at kakilala, atbp., at mga matatamis na salita ukol sa paghahanap ng trabaho at pagtakas. May mga kaso na ang mga technical interns ay nasasangkot sa iba't ibang krimen.

Trabaho maliban sa technical intern training, part-time job, o pagtakas

mula sa nagpapatupad ng pagsasanay upang magtrabaho ng iba.

**Violation of Immigration Control Act sa paggawa ng mga aktibidad maliban sa ipinahihintulot (illegal na trabaho)**



Ilipat o ibenta ang bank account, passbook, atm card, o cell phone na ginagamit mo hanggang ngayon dahil sa ikaw ay uwi na sa sariling bansa.

**Violation of Transfer of Criminal Proceeds Prevention Law**



**Violation of Mobile Phone Illegal Use Prevention Law**

Pinakiusapan ka na mag-trabaho ng part time at mag-withdraw ng pera mula sa account ng taong naka-pangalan sa iba.

**Violation of Transfer of Criminal Proceeds Prevention Law, Theft, etc.**



Magpanggap na ibang tao para pirmahan ang delivery slip, at kunin ang delivery goods ng ibang tao.

**Forgery of private seal, fraud, etc.**



**Huwag makisali sa mga Kriminal na aktibidad na nakapalibot sa paligid mo !**

Ang mga trabahong ito, kahit mukhang madali at madaling makakuha ng malaking sahod at madaliang bayad, ay mga **gawaing kriminal**.

Dahil sa ang mga kriminal na organisasyon ay mahusay sa pag-enganyo sa mga technical intern trainees, may mga kaso na hindi nila namamalayan na gumagawa na pala sila ng krimen.

Kahit na ginamit ng kriminal na organisasyon ang mga technical intern trainees sa ganitong pamamaraan, huhulihin sila ng mga pulis **bilang kriminal na nasasangkot sa krimen**. Unang-una, dapat ay nakakuha ka ng skills at nakabalik ng maayos sa iyong pamilya, ngunit hindi mo makakamtan ang layuning ito at ang hindi pa maganda, ikaw ay mapapasailalim ng **forced deportation**, atbp.

Mag-ingat na huwag masangkot sa mga ganitong krimen.

Kung makakita at makarinig ng mga bagay na ganito, **i-report sa pulis**.

Organization for Technical Intern Training (OTIT)